



OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 22 JULY 1996, 9:00 A.M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Batison	- Member
Kagawad Ferdinand V. Talena	- Member
Kagawad Angelan D. Bautista	- Member
Kagawad Ramil O. Dimapilis	- Member
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- Member
Kagawad Ramulfo C. Bernal	- Member
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	- Member
Kagawad Honesto O. Taytay	- Member
Kagawad Eduardo O. Villamin	- Member, ABC President

Absent:

Kagawad Randy P. Valencia	- Member, SK Chairman
---------------------------	-----------------------

KAPASYAHAN NLG. 069
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KINAUKULAN NG MADALIANG PAGPAPALIT KAY POLICE INSPECTOR EDISON P. ATIENZA BILANG HEPE NG PULISYA NG ROXAS, SILANGNANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang droga na sa ngayon ay itinuturing na isa sa malalaking problema ng ating lipunan ay hayagan na ring nakikita sa mga panayanan ng tahinik at maunlad na bayang ito;

SAPAGKA'T ang ilegal na gamot, partikular ang shabu ay kalat na ang operasyon sa bayan ng Roxas at maraming mamamayan sa iba't ibang antas ng kabuhayan ang nabibiktima nito;

SAPAGKA'T sa pagpupulong ng Sangguniang Bayan ng bayang ito, ng Liga ng mga Barangay at ng Peace and Order Council ay lagi nang tinatalakay ang lumulubhang kalagayan ng katinasayan at kaayusan bunga ng masamang epekto ng shabu at ang pagdami ng nababalitang mga sangkot sa pagpapakalat nito at ng mga gumagamit ng bawal na gamot;

SAPAGKA'T sa napakarami nang panahon at pagkakataon ang mga ulat na mga pusher at mga user ay naliparating sa kinaaukulang awtoridad lalo na sa mga alagad ng batas subali't wala ni isa pa mang nahuhuli upang makulong at mapatawan ng karampatang kaparusahan;

SAPAGKA'T ang ganitong sitwasyon ay lubhang nakababahala lalo pa'taalagataing mga kabataan ang siya ngayong binibiktima ng hinihinalang sindikato ng droga sa bayang ito;

SAPAGKA'T ang Hepe ng Pulisya ng bayang ito, EDISON P. ATIENZA sa ano pa mang kadahilanan, ay lumalabas na wala o kulang sa kakayahan at istrategiya upang mamamayan, hulihin at ilagay sa kanay ng batas ang mga nagtutulak at gumagamit ng shabu at iba pang bawal na gamot sa bayang ito;

Hepe

Edison

SAPAGKA'T batay sa mga reklamo at mga hining ng mga mamamayan, hinihiling ang pagpapanibago ng pamumuhan ng Pulisya ng Roxas upang magkaroon ng isang pinuno nito na may paninindigan, lakas at tibay ng loob at katapatan sa tungkulin upang labanan ang mga ilegal na droga lalo na ang shabu na talamak na dito sa Roxas, Silangang Mindoro; at

SAPAGKA'T ipinasya ng Sangguniang Bayang ito, bilang tugon sa kahilingan ng mga mamamayan na mapitagang hilingin sa kinauukulan ang madaliang pagpapalit kay Police Inspector Edison P. Atienza, Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro at gayundin ito ay itukoy kay Police Superintendent at Provincial Director Eduardo P. Sebastian para sa maagap na pagdinig sa kahilingang ito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ranulfo C. Bernal na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa kinauukulang awtoridad, Police Superintendent at Provincial Director Eduardo P. Sebastian ang madaliang pagpapalit kay Police Inspector Edison P. Atienza bilang Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro upang mabigyan ng karampatang aksyon ang lumuluhang problema ng droga sa bayang ito ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Police Superintendent at PNP Provincial Director Eduardo P. Sebastian, Provincial Headquarters, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at madaliang pag-akayon at suporta para sa kapayapaan ng mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

Pinagtibay: 22 Hulyo 1996

CERTIFIED CORRECT:

rp. f. c. s.
VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

Geo. I. Lason
GELACIO I. LASON
Municipal Mayor

*Received
24 July 96*
[Signature]
MEMO/
072396